

The Author



Hazel M. Dizon

Alumna, Department of Geography, York University

Contact

For further information on this research, please contact: Hazel Dizon (hmdizo@yorku.ca)

Ang 2017 Okupang Pabahay sa Pilipinas: Isang Kontra-Proyekto para sa Maayos na Pabahay at Alternatibong Mundo

Iba't ibang paraan ang ginagawa ng mga walang tirahan sa Pilipinas batay sa kanilang kakayahan upang magkabahay. Nagtatayo sila ng barong-barong sa mga estero, tabi ng kalsada o riles, at kahit sa mga lugar na itinakdang tapunan ng basura upang magkaroon ng sanggalang sa init, lamig, at ulan. Nakikipag-usap sila sa mga ahensya ng estado bilang indibidwal o bilang bahagi ng samahan ng magkakapitbahay upang igiit ang kanilang karapatan sa pabahay. Kapitbisig nilang hinaharang ang mga demolisyon upang ipagtanggol ang kanilang dangal. Ngunit ang mga kalat-kalat at magkakahiwalay na pagkilos na ito ay hindi sapat upang makamit ang maayos, ligtas, at permanenteng pabahay. Kaya naman noong ika-8 ng Marso, 2017, inokupa ng libu-libong maralitang miyembro ng KADAMAY mula sa iba't ibang syudad at bayan ang 5,300 na bakanteng pambublikong pabahay sa Bulacan, isang lalawigang nasa hilaga ng Maynila. Binansagang 'Occupy Bulacan,' layunin nito na igiit ang karapatan sa pabahay at mabuhay ng may dangal – lahat ng ito ay nakamit sa pamamagitan ng isang radikal na pagkilos.

Bagamat nakakamit ang mga nag-okupa ng konkretong resulta, binansagan sila ng mga opisyal ng pamahalaan at mga komentarista sa internet na 'magnanakaw,' 'tamad,' at 'nanggugulo.' Sa kabila ng mga atake na ito, nailantad ng okupasyon ang libu-libong bakante at nabubulok na pambublikong pabahay habang milyun-milyon ang walang masisilungan. Nagtulak ito ng imbestigasyon sa Kongreso. Samakatuwid, nakalikha ang okupasyon ng sanga-sangang naratibong binubuo ng tagumpay, kritisismo, at nagpapatuloy na negosasyon.

Isang kontra-proyekto o *counter-project* laban sa neoliberal na pambublikong pabahay ang Occupy Bulacan. Tinuturing ni Henri Lefebvre ang konseptong '*counter-project*' bilang aksyong naglalayong salungatin ang mga programa at plano ng mga nasa kapangyarihan na nagsusulong ng kanilang pang-ekonomiya at pampulitikang interes. Napatunayan ng Occupy Bulacan na kayang ilantad at bag-bagin ng pampulitikang kapangyarihan ng kilusang maralitang tagalungsod ang kalakaran neoliberal na pambublikong pabahay. Ipinakita nito na:

Itinuturing na isang kalakal at hindi karapatan ang pabahay. Ang kawalan ng bahay ay dulot ng iskemang amortisasyon na nakabatay sa tubo, mga kontrata ng tambalang pribado-publiko na nagtatayo ng mga maliliit na bahay sa mga liblib na lugar, napakasalimuot na proseso ng paghiling ng pambublikong pabahay, at ang makitid na target na benepisyaryo. Ang baluktot na kaisipan na ang pabahay ay isang kalakal ay malalim nang nakatanim sa ating isipan kaya kriminal kung ituring ang mga nag-okupa, na karapat-dapat alipustahin at parusahan.

Kailangan ang radikal na sama-samang pagkilos ng mga nasa laylayan ng lipunan upang mapilitang umaksyon ang estado. Nag-apila, nakipagdayalogo, at nagsagawa ng demonstrasyon ang mga nag-okupa sa mga kinauukulan na bigyan sila ng pabahay ilang buwan bago ang okupasyon. Ngunit walang naging resolusyon kaya't minabuti nilang angkinin ang mga bakan-

Asia Research Briefs

Asia Research Briefs provide short summaries or perspectives based on research by YCAR Associates. Their purpose is to share insights from academic research with journalists, policy analysts, community leaders and interested members of the public. For further information, or to subscribe to the series, contact: ycar@yorku.ca.

About YCAR

The York Centre for Asian Research (YCAR) is one of Canada's largest and most active communities of scholars working on East, South and Southeast Asia as well as Asian migrant communities around the world.

The Centre includes faculty, graduate students and research associates from the social sciences, humanities, fine arts, law and business.

YCAR facilitates and supports research projects, knowledge exchange and graduate student training, as well as engagement with wider communities in the conduct or dissemination of research. YCAR is located on York University's Keele campus.

For more information:

www.yorku.ca/ycar

Eighth Floor, Kaneff Tower
4700 Keele St., Toronto
Ontario, Canada M3J 1P3



teng pabahay. Nagtulak ito upang harapin sila ng pangulo at pirmahan ang joint resolution na nagsasaad na ipamahagi ang mga pabahay sa mga kwalipikadong benipisyaryo.

Nangunguna ang mga kababaihan sa pakikibaka para sa pabahay; nagagawa nilang maging espasyo ng pakikibaka (spaces of resistance) ang mga espasyo ng panlipunang reproduksyon (spaces of social reproduction). Pandaigdigang Araw ng Kababaihan nang maganap ang Occupy Bulacan. Pinili ng kababaihang maralitang tagalungsod ang araw na ito upang igiit ang kanilang karapatan sa pabahay. Madali nilang naintindihan kung bakit karapatan ito dahil sila ang babad sa bahay. Dito nila inaaruga ang kanilang pamilya at dito rin sila nagtatrabaho para may pandagdag tustos sa gastusin ng pamilya. Random nila buong mag-araw at buong magdamag ang kakulangan sa espasyo, di maayos na bentilasyon, at tumutulong bubong.

Ibinaling ng maralita ang kanilang desperasyon patungo sa pagbuo ng isang kumon (commons). Hindi lamang inangkin ng maralita ang mga bakante at napabayaang mga pabahay, bagkus ay nakapagbuo pa sila ng alternatibong mundo. Dahil wala silang mga ligal na papeles na pagmamay-ari nila ang bahay, hindi sila kinakabitan ng kuryente at tubig. Ngunit sa tulong ng kanilang mga kaalyadong pangmasang organisasyon at sama-samang paggawa, nakapagpatayo sila ng sarili nilang poso, power generator, day care centre, first aid brigade, at gulayan. Ipinagpatuloy nila ang pagmumulat at pag-oorganisa, na siyang mga pamamaraan na ginamit din kung kaya't naging matagumpay ang okupasyon.

Buwan ng Abril 2020, hinihintay pa rin ng mga nag-okupa ang pagpapatupad ng aprubadong joint resolution. At habang naghihintay, hindi sila tinatantanan ng pulitikal na panliligalig, tulad ng malisyosong bali-balita at gawa-gawang mga paratang. Batid nila na ito ay upang baliwalain ang mga tagumpay na nakamit ng okupasyon. Isang nagpapatuloy na kontra-proyekto ang Occupy Bulacan kung saan inilalantad nito ang epekto ng pagpapatupad ng mga neoliberal na polisiya sa larangan ng panlipunang serbisyo at ang agawan ng kapangyarihan sa pagitan ng nasa kapangyarihan at mga pinaghaharian.

Pagkilala:

Sinuportahan ang pananaliksik na ito ng Vivienne Poy Asian Research Award at ng Professional Development Fund ng York Centre for Asian Research, ang Social Sciences and Humanities Research Council of Canada sa ilalim ng 'Canada-Philippines Alternative Transnational Economies Project,' at ang Glen Frankfurter Scholarship in Geography.

Nailathala ang bahagi ng proyektong ito sa: Dizon, H. M. 2019. "Philippine housing takeover: How the urban poor claimed their right to shelter." *Radical Housing Journal* 1, no. 1: 105-129.



Mga inokupang bahay ng KADAMAY sa lalawigan ng Bulacan, Pilipinas. Larawan: Hazel M. Dizon, 2017